Pangalan:_______________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula:______________Petsa Nang Natapos:______________Iskor:________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

Mahahalagang Pangyayaring May Kinalaman sa Pagsalin ng Kapangyarihan sa mga Pilipino

I. Panuto: Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat ito sa patlang bago ang bilang.

_____1. Sinang-ayunan ng nakararaming mga Pilipino ang Saligang Batas 1935 sa pamamagitan ng ____________.

a. plebesito

b. misyong Pangkalayaan

c. kumbensiyon ng mga Amerikano

d. pakikipag-ugnay ng mga Pilipino sa Amerikano

_____2. Ang karapatan ng mga mamamayan na makaboto at maiboto sa halalan ay naipatupad sa pamamagitan ng ____________.

a. *Asamblea Filipina*

b. Batas *Tydings-McDuffie*

c. Saligang Batas 1935

d. Batas *Hare-Hawes-Cutting*

_____3. Nakatulong sa pagkakaroon ng epektibong sistema ng edukasyon sa Pilipinas ang pagkakatatag ng mga ____________.

a. pribadong paaralan

b. pampublikong paaralan

c. mga kolehiyo at pamantasan

d. ng Ingles bilang wikang panturo noon

_____4. Bakit masusing binalangkas ng mga Pilipino ang Saligang Batas 1935?

a. upang maipakita ang kakayahan ng mga Pilipino sa pagsasarili

b. upang masupil ang pag-igting ng kolonyal na mentalidad ng mga Pilipino

c. upang mapaalis ang mga pinunong Amerikano sa pamahalaan

d. upang magbigay ng pagkakataon sa iba na maging bahagi sa pamumuno ng bansa

_____5. May probisyon ang Saligang Batas 1935 na ang mga Pilipino ay ____________.

a. may kakayahang ipagtanggol ang teritoryong sakop ng Pilipinas sa panahon ng pamahalaang komonwelt

b. may kakayahan sa pagpapaunlad sa industriyang pang-ekonomiya sa panahon ni Manuel Quezon

c. may kakayahan napamahalaan ang Pilipinas sa ilalim ng pamahalaang komonwelt

d. may kakayahan sa pagsupil sa pag-igting ng kolonyal na mentalidad ng mga Pilipino

II. Panuto:  Unawaing mabuti ang sumusunod na pangyayari at ibigay ang iyong reaksiyon sa mga ito.

1. Pakikipag-ugnayan sa ibang bansa ng mga Amerikano kahit walang pagsangayon mula sa mga Pilipino.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

2. Paghirang ng gobernador-heneral ng mga miyembro ng gabinete na kulang ang kakayahan o walang sapat na karanasan.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

3. Pandarayuhan ng mga Pilipino sa Estados Unidos upang doon na permanenteng manirahan.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________